GRADE V

# PROYEKTO: KABABAIHAN SA PANAHON NG MGA NINUNO

## ALAMIN MO



*Masdan mo ang larawan. Ano ang napansin mo sa paglalakad ng mga babae at lalaki?*


*Basahin mo ang salitang ito: KABABAIHAN. Ano ang pagkaunawa mo tungkol dito?*

Sa modyul na ito, pag-aaralan natin kung paano pinahalagahan ng mga unang Pilipino ang kababaihan.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sipiin ang dalawang larawan sa iyong kwaderno.




1. Isulat mo sa larawan A ang mabubuting ugali na ipinakikita mo sa kapatid mong babae o sa mga kaibigan mong babae.

2. Isulat mo sa larawan B ang mabubuting asal na ipinakikita mo sa kapatid mong lalaki o sa mga kaibigan mong lalaki.

## PAG-ARALAN MO

Basahin mo ang komik strip na ito.  Nag-uusap ang mag-inang sina Tony at Aling Mameng.





Ang galing naman Inay. Ang sabi pa ni Lolo, di raw puwede mauna sa paglalakad sa kalye ang mga lalaki sa mga babae.
Totoo yan anak. Talagang malaki ang paggalang ng ating mga ninuno sa kababaihan. Alam mo, ang asawang babae lamang ang tanging makapagbibigay ng pangalan sa bago nilang silang na sanggol.
Sige Inay, magbabasa pa ako ng iba kong aralin. Salamat po.
Walang anuman anak. Tandaan mong mabuti ang pagpapakita ng paggalang sa kabaihan.

Naunawaan mo ba ang pinag-usapan ng mag-ina sa komik istrip?

Magbigay ka ng mga halimbawa kung paano pinahalagahan ng mga unang Pilipino ang mga kababaihan.

Gumuhit ka ng bulaklak tulad ng nakalarawan. Dito mo itala ang iyong sagot.



## PAGSANAYAN MO

Alin sa sumusunod na paglalarawan ang nagpapakita ng pagpapahalaga ng unang Pilipino sa kababaihan? Iguhit mo ang  sa iyong kwaderno kung nagpapakita ito ng pagpapahalaga at  kung hindi.


1. Nauunang naglalakad ang lalaki kaysa sa babae.

2. May pantay na pribilehiyo ang mga lalaki at babae.

3. Tanging ang asawang babae lamang ang makapagbibigay ng pangalan sa bagong silang na sanggol.


4. Pinaniniwalaan ang kakayahan ng mga babae sa pamamahala ng pamayanan.

5. Mga anak na lalaki lamang ang maaaring magmana ng pagkadatu ng ama.



## TANDAAN MO

- *Malaki ang paggalang ng ating mga ninuno sa kababaihan.*
- *Pinahahalagahang mabuti ng mga unang Pilipino ang kababaihan*.



## ISAPUSO MO

Ano ang gagawin mo sa sumusunod na sitwasyon?

1. Gumagawa ng takdang-aralin ang bunso mong kapatid na babae.  Tinutukso siyang pandak ng iyong kapatid na lalaki.

2. Kaarawan ng iyong inay.  Ibig mo siyang regaluhan ngunit wala kang pera.





## GAWIN MO

Lagyan mo ng ✓ ang hanay ng iyong sagot.

| Ginagawa mo ba ito? | Madalas | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Iginagalang ko ang kapatid kong babae. | | | |
| 2. Tinutulungan ko ang aking ina sa kanyang mga dala-dalahan. | | | |
| 3. Inuunahan ko sa paglalakad ang kapatid kong babae. | | | |
| 4. Naiinis ako kapag si ate ang pinagbibilinan ni nanay na tumingin sa amin. | | | |
| 5. Ibinibigay ko ang aking upuan kung walang maupuan ang kamag-aral kong babae. | | | |



## PAGTATAYA

Isulat ang bilang 1 – 5 sa kwaderno. Sipiin ang mga titik ng mga sitwasyon na nagpapakita ng pagpapahalaga ng ating mga ninuno sa mga kababaihan.

A. Kinikilala ng mga kabarangay ni Mayumi ang kanyang kakayahan sa pamumuno.

B. Nakikilahok sa kalakalan at paghahanapbuhay ang kababaihan sa barangay ni Datu Abu.

C. Nang magsilang ng sanggol si Ara, ang kanyang asawa ang nagbigay ng pangalan sa kanilang anak.


D. Habang naglalakad ang magkakaibigang babae at lalaki ng barangay Bato, pinauuna ng kalalakihan ang kababaihan.

E. Nang mamatay ang datu ng barangay maharlika, ang kanyang anak na babae ang tinanghal na datu sapagkat wala siyang anak na lalaki.

F. Kung anong pribilehiyo ang ibinibigay ni Datu Amanah sa kanyang nasasakupang kalalakihan ay gayundin ang ipinagkakaloob niya sa kababaihan.

**PAGPAPAYAMANG GAWAIN**

Sumulat ka ng iyong karanasan tungkol sa kung paano mo naipakita ang iyong pagpapahalaga sa iyong ina, ate, o kamag-aral na babae.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.